# 2022 Pangkalahatang Halalan

# Pamplet ng mga Botante sa Deschutes County sa Wikang Tagalog

Minamahal Naming Botante ng Deschutes County:

Ito ang iyong Pamplet ng Botante para sa Pangkalahatang Halalan ngayong Nobyembre 8, 2022 na ibinibigay ng opisina ng Clerk ng Deschutes County. Naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga panukalang-batas mula sa mga lokal na hurisdiksyon sa loob ng mga hangganan ng Deschutes County.

Naglalaman ang pamplet na ito ng mga panukalang-batas sa balota at mga pagpapaliwanag na pahayag na dinisenyo para magbigay ng walang kinikilingang impormasyon. Naglalaman din ito ng mga bayad na argumento para sa o laban sa ilang partikular na panukala. Maaari ding magbayad ang mga kandidato para maglagay ng pahayag sa pamplet. Ang mga piling bahagi ng pamplet na ito ng mga botante ay mababasa sa Simplified Chinese, French, Korean, Russian, Spanish, Tagalog, at Vietnamese, at mababasa online sa sos.oregon.gov/elections/Pages/vp-deschutes.aspx.

Ipapadala sa koreo ang mga balota sa Miyerkules, Oktubre 19, 2022, sa bawat nakarehistrong botante. Narito ang ilang bagay na dapat mong malaman:

♦ **Ipadala** ang iyong sinagutan na balota sa sobreng kasama na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope) o **ihulog ito** sa isang opisyal na lokasyon ng hulugan ng balota nang hindi lalampas sa **alas-8 ng gabi, Martes, Nobyembre 8, 2022**. Huwag kalimutang pirmahan ang iyong sobre ng balota.

♦ Magbubukas ang mga hulugan ng balota sa Biyernes, Oktubre 21. Tingnan ang pahina ng Lugar ng Hulugan ng Balota sa pamplet para sa higit na mga detalye.

♦ Ang mga pangalan ng kandidato sa iyong balota ay lilitaw nang sapalarang alpabetikong pagkakasunod-sunod. Alinsunod na ORS 254.155, ang sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga letra ay isinasagawa bago ng halalan.

♦ Hindi lahat ng kandidato o panukalang-batas sa Pamplet ng mga Botante na ito ay lilitaw sa iyong balota. Tinutukoy ng iyong address ng tirahan ang mga distrito kung saan maaari kang bumoto. Ang iyong opisyal na balota ay maglalaman lang ng mga isyu na kung saan karapat-dapat kang bumoto, batay sa kung saan ka nakatira.

♦ Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng impormasyon para sa Pamplet ng mga Botante, kaya maaaring may mga kandidato ka sa iyong balota na wala sa Pamplet ng mga Botante.

♦ Ang Pamplet na ito ng Botante ay makikita online sa www.deschutescounty.gov/elections. Pagkatapos ng alas-8 ng gabi sa Araw ng

Halalan, ang mga paunang resulta ng halalan ay ipo-post online sa www.deschutescounty.gov/ElectionResults.

♦ Kung inihatid ang balota sa iyong tirahan para sa isang tao na hindi na dapat nakakatanggap ng balota sa iyong address, pakisulat ang "RETURN" sa sobre at ibalik ito sa iyong mailbox.

♦ Ang pirma sa bawat isang sobre para sa pagbabalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa pirma ng botante na nasa file. Dapat magkatugma ang mga pirma bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong pirma, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

♦ **Bago ngayong taon**, Mahalaga ang mga Postmark! Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Clerk pagsapit ng Nobyembre 15, ay tatanggapin.

♦ **Bago rin ngayong taon**, ang opsyonal na secrecy sleeve ay hindi na kasama sa iyong pakete ng balota dahil ang sobre para sa pagbabalik ng balota ay may naka-print na na security weave sa loob na nagpoprotekta sa privacy ng iyong balota. Ang iyong privacy at pagiging lihim ng iyong boto ay lagi at patuloy na pinoprotektahan sa buong proseso ng pagbibilang ng balota. Ang desisyong ito ay pormal na inaprubahan ng Opisina ng Oregon Secretary of State at makakatipid ng pera at oras ng kawani.

# Pagrerehistro ng Botante

### Pagpaparehistro para Makaboto

Upang maging kwalipikadong bumoto sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022, dapaat ma-postmark ang isang nakumpletong card ng rehistro ng botante pagdating ng Martes, Oktubre 18, 2022.

**Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre:**
Ang lahat ng botante sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022 ay makakatanggap ng parehong balota nang hindi alintana ang kaakibat na partidong pampulitika.

**Upang magrehistro para makaboto sa Oregon, dapat kang:**

1. Isang residente ng Oregon.
2. Isang mamamayan ng Estados Unidos.
3. Hindi bababa sa 18 taong gulang pagdating ng araw ng halalan

### Dapat mong i-update ang iyong rehistro kung:

1. Nagbago ang iyong address ng tirahan o mailing address.
2. Nagbago ang iyong pangalan.
3. Nais mong baguhin ang iyong kaakibat na partido.

**Mahalagang Tandaan:** Kung lumipat ka o nagbago ang iyong pangalan at hindi mo pa na-update ang iyong rehistro, kwalipikado ka pa ring bumoto. Tawagan ang Deschutes County Elections Office sa (541) 388-6547 para sa higit na impormasyon.

# Impormasyon sa Pagboto

**Mga botante na may kapansanan:**
Kung kailangan mo ng tulong sa pagboto o pagsumite ng iyong balota, tawagan ang Deschutes County Elections Office sa (541) 388-6547 Maglalaan kami ng dalawang kawani para tulungan ka sa pagboto. Maaari mo ring awtorisahan ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o iba pang pinagkakatiwalaang tao, na hindi nauugnay sa iyong tagapag-empleyo o unyon, na tulungan ka.

Available ang audio na edisyon ng Pamplet para sa mga Botante. Upang umorder, makipag-ugnayan sa Independent Living Resources sa (503) 232-7411 o TTY (503) 232-8408.

**Mga Tagubilin sa Pagboto**
Maglalaman ang iyong Pakete ng Balota ng mga sumusunod na bagay:

- Naka-print na balota
- Pipirmahang sobre para sa pagbabalik ng balota, na bayad na (postage-paid return envelope)
- Nakasingit na polyeto tungkol sa sumusunod:
    - Hindi na ginagamit ng Deschutes County Elections ang opsyonal na blue paper secrecy sleeve. Ang sobre para sa pagbabalik ng balota ay may naka-print na security weave sa loob na nagpoprotekta sa iyong privacy at sa pagiging lihim ng iyong boto.

**Suriin ang iyong opisyal na balota at bumoto gamit ito:**
Suriin ang iyong opisyal na balota at hanapin ang bibilugan para sa kandidato o panukalang-batas na iyong napili para sa bawat kategorya. Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.

**Suriin ang iyong balota:**
Tiyakin na namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat kategorya. Maaaring naglalaman ng mga kategorya ang magkabilang pahina ng iyong opisyal na balota.

**Maghandang ibalik ang iyong balota:**
Ilagay ang iyong balota sa sobre para sa pagbabalik ng balota, na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope). Titiyakin ng kawani ng halalan ang pagiging lihim ng iyong balota. Basahin ang pahayag ng botante sa sobre para sa pagbabalik ng balota at pumirma sa signature box.

**Pagpirma ng iyong sobre para sa pagbabalik ng balota (ballot return envelope):**
Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi napirmahan ang sobre para sa pagbabalik ng balota. Ang bawat pirma ay kinukumpara sa pirma sa file noong nagparehistro at dapat na tumugma ang mga pirma para mabilang ang balota.

**Ibalik ang iyong balota:**

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong pinirmahan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota. Hindi kailangan ang selyo. Ipadala ang iyong pinagbotohan na balota nang hindi lalampas sa Martes, Nobyembre 8, 2022.

- **Sa saanmang opisyal na hulugan (drop site):** Ihatid ang pinirmahan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota sa isang opisyal na hulugan ng balota o drop site nang hindi lalampas sa 8 pm sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ang selyo.

**Tandaan, suriin ang magkabilang pahina ng iyong balota. Ang ilang balota ay maaaring may mga kategorya/ panukalang-batas sa magkabilang pahina.**

**Makipag-ugnay sa:**

Deschutes County Elections
(541) 388-6547 Deschutescounty.gov/elections
1 (866) ORE-VOTES (se habla Español)
www.oregonvotes.gov
TTY 1 (800) 735-2900

# Paano Isumite ang Iyong Boto

## 1. Kumpletuhin ang iyong balota

- Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.
- Upang bumoto para sa isang tao na wala sa balota, punan ang bilog sa tabi ng linyang "write-in", pagkatapos ay maayos na isulat ang pangalan ng tao sa inilaang linya. Huwag isulat ang pangalan ng kandidato na nakikita na sa balota.
- Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng kategorya. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.

## 2. Suriin kung may mga mali

- Kung bumoto ka nang higit sa mga opsyon na pinapahintulutan, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa kategorya na iyon.
- Kung nagkamali ka sa iyong balota, maaari mong gawin ang iyong mga pagbabago sa balota. Guhitan ng linya ang buong pangalan ng kandidato o tugon sa panukalang-batas. Pagkatapos ay maaari kang pumili ng iba.
- Makipag-ugnayan sa Deschutes County Elections Office sa (541) 388-6547 para humiling ng kapalit na balota kung:
  - nagkamali ka na hindi mo maaaring itama
  - ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
  - nawala ang balota mo

## 3. Ipasok ang balota at pirmahan ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota

- Ipasok lamang ang <u>iyong</u> balota na ginamit mo sa pagboto (hindi ang balota ng ibang tao) sa loob ng <u>iyong</u> sobre para sa pagbabalik ng balota. *(Kung makatanggap kami ng isang sobre na may higit sa isang balota sa loob, ang lahat ng nakapaloob na balota ay tatanggihan at hindi mabibilang).*
- Dapat mong pirmahan ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota, kung hindi ay **hindi mabibilang ang iyong boto.**
- Ang pirma sa bawat isang sobre para sa pagbabalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa pirma ng botante na nasa file.

Dapat magkatugma ang mga pirma bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong pirma, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

## 4. Ibalik ang iyong balota

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong pinirmahan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota. Hindi kailangan ang selyo. Ipadala ang iyong pinagbotohan na balota nang hindi lalampas sa
  Martes, Nobyembre 8, 2022. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Clerk pagsapit ng Nobyembre 15, ay tatanggapin.
- **Sa saanmang opisyal na hulugan (drop site):** Ihatid ang pinirmahan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota sa isang opisyal na hulugan ng balota o drop site nang hindi lalampas sa 8:00 pm sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ang selyo.

# Proseso ng Halalan sa Deschutes County

**Ika-1 Hakbang Pagrerehistro ng Botante**
Para magparehistro para makaboto, kinakailangan mong magbigay ng balidong pagkakakilanlan na nagpapatunay na kwalipikado kang bumoto. Pagkatapos suriin at beripikahin ang iyong impormasyon, ipapasok namin ito sa aming database ng rehistrasyon ng mga botante.
ORS 247.012

**Ika-2 Hakbang Pagsubok ng mga Kagamitan sa Halalan**
Gumagamit kami ng kagamitan sa halalan na nasertipika ayon sa mga pamantayan ng Estado at Pederal. Sinusubok namin ang aming kagamitan sa halalan bago ng, sa panahon ng, at pagkatapos ng bawat halalan.
ORS 254.235

**Ika-3 Hakbang Ang mga Balota ay Ipinapadala sa Koreo**
Ang lahat ng nakarehistrong botante ay papadalhan ng pakete ng balota sa koreo na naglalaman ng kanilang balota at sobre para sa pagbabalik ng balota na may naka-print na security weave sa loob na nagpoprotekta sa iyong privacy at sa pagiging lihim ng iyong boto. Binibigyan namin ang mga nakarehistrong mga botanteng Naka-uniporme at Mga Sibilyan na Nasa Ibang Bansa ng access sa kanilang balota sa pamamagitan ng koreo o online portal.
ORS 253.065, 253.545, 254.470

**Ika-4 na Hakbang Pagkolekta ng Balota**
Sa Deschutes County, maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang binotohang balota sa pamamagitan ng koreo o sa isa sa aming sampung Opisyal na Lugar ng Hulugan ng Balota, na madaling matatagpuan sa buong county. Kinokolekta ang mga balota na nasa mga Hulugan ng Balota, at ang mga balotang ipinadala sa koreo ay tinatanggap sa aming Opisina ng Clerk na matatagpuan sa Deschutes Services Building para sa pagbilang ng balota.
ORS 254.4

**Ika-5 Hakbang Beripikahin ang Pagiging Kwalipikado ng Botante**
Pagkatanggap ng iyong balota, ipinapadala ito sa pamamagitan ng aming ballot envelope sorting machine, na nagsa-scan ng larawan ng iyong pirma habang pinagbubukod-bukod ang inyong mga balota ayon sa presinto ng pagboto. Bineberipika ng mga sinanay na kawani ng halalan ang pirma mo sa sobre sa pamamagitan ng paghahambing ng iyong pirma sa pirma mo na nasa file sa database ng rehistrasyon ng botante.
ORS 247.012, 247.019, 247.025, & 254.470

**Ika-6 na Hakbang Pagproseso ng mga Balota**
Kung parehas ang iyong mga pirma, ang iyong sobre ng balota ay bubuksan. Kung hindi sila tugma, nakikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng koreo upang malutas ang isyu upang mabilang namin ang iyong balota. Kung nasira ang balota o naglalaman ng mga marka na hindi mabasa ng machine, ibubukod namin ito para sa manwal na pagsusuri. Ang layunin namin ay bilangin ang lahat ng kwalipikadong balota tulad ng nilalayon ng mga botante.
ORS 254.478

**Ika-7 Hakbang Pag-scan ng Balota at Pagbilang**
Pagkatapos tanggalin ang mga balota mula sa kanilang mga sobre, ini-iscan namin ang mga balota at binibilang ang lahat ng balidong boto para matukoy ang mga resulta ng bawat kategorya sa halalan. Ang aming system sa pagboto na sinertipika ng pederal at estado ay ligtas at hindi kailanman konektado sa internet.
ORS 254.485, 254.500

**Ika-8 Hakbang Paghatol sa Balota**
Sinusuri ng mga team na binubuo ng dalawang kawani, na mula sa magkaibang partidong pampulitika bawat isa, kung ang mga balota ay sira, may hindi dapat na marka, o may mga pagwawasto, kulang na pagboto, sobrang pagboto, at mga blangkong kategorya upang beripikahin ang nilalayon ng botante at tiyakin ang tamang pagbilang. Itinatago ang lahat ng balota sa isang ligtas na lokasyon na binabantayan nang 24/7.
ORS 254.476, 254.482, 254.483

**Ika-9 na Hakbang Hindi Opisyal na mga Resulta ng Halalan**
Nagsisimula kaming mag-publish ng mga hindi opisyal na resulta pagkalipas ng 8pm sa Araw ng Halalan. Hindi opisyal ang mga resulta hanggang sa lumipas na ang lahat ng deadline sa pagbabalik ng balota at pagkatapos naming mabilang ang bawat isang balidong balota na natanggap namin.
ORS 254.545
**Hanapin ang mga hindi opisyal na resulta sa** deschutescounty.gov/electionresults

**Ika-10 Hakbang Sertipikasyon ng Hindi Opisyal na mga Resulta**
Pagkatapos suriin at beripikahin ng Board of Canvassers ang kinalabasan ng halalan, sinesertipika ng county ang mga opisyal na resulta ng halalan.
ORS 254.545(3)
**Pina-publish ang mga sertipikadong resulta ng halalan 27 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan sa** deschutescounty.gov/electionresults

**Ika-11 Hakbang Pag-audit**
Ang mga pag-audit ay normal na check and balance na bahagi ng bawat halalan. Ginagamit namin ang mga pag-audit para kumpirmahin na tumpak na na-interpret at nabilang ng mga kagamitan ng halalan ang mga balota ng botante, at sinasalamin ng kinalabasan ng halalan ang pagboto ng mga botante, at na sinundan ng mga kawani ng halalan ang mga patakaran.
ORS 254.529

**Ika-12 Hakbang Pagtatago ng Balota**
Ligtas naming itinatago nang dalawang taon ang lahat ng balotang papel, at iba pang mga record bilang bahagi ng opisyal na talaan. Pagkalipas ng dalawang taon, sinisira ang mga balota.
OAR 166-150-0035(14)(a)

# Mga Opisyal na Lokasyon ng Hulugan ng Balota

## Huwag Ipagpaliban, Bumoto Ngayon!

**Ihulog** ang iyong balota sa isang opisyal na lokasyon ng hulugan ng balota nang hindi lalampas sa **alas-8 ng gabi, Martes, Nobyembre 8, 2022**. Huwag kalimutang pirmahan ang iyong sobre ng balota.

## Mga Oras na Bukas ang Lugar ng Hulugan ng Balota:

**Magbubukas:** Biyernes, Oktubre 21, 2022
**Magsasara:** Araw ng Halalan, Martes, Nobyembre 8, 2022, sa **alas-8 ng gabi**

## Mga Lokasyon ng Hulugan ng Balota:

**Bend**
Deschutes Services Center
1300 NW Wall St, Bend
(Walk-up at Drive-through, Panlabas na Drop Box na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng gusali)

Deschutes County Road Department
61150 SE 27th St, Bend
(Matatagpuan sa dulong timog ng parking lot)

Old Mill
459 SW Bluff Dr, Bend
(Ang box ay matatagpuan sa umbok sa itaas ng Old Mill District sa parking lot sa timog ng Hilton Garden Inn hotel)

Bradbury Park & Ride
1000 SW Bradbury Way, Bend
(Ang box ay matatagpuan sa tapat ng Park & Rec Pavilion malapit sa Simpson at Columbia)

Pine Nursery Park
3750 NE Purcell Blvd, Bend
Bukas sa karaniwang oras ng negosyo ng parke (Silangang dulo ng parking lot)

**Redmond**
Deschutes County Expo Center (Fairgrounds)
3800 SW Airport Way, Redmond
(Matatagpuan sa roundabout sa silangang dulo ng parking lot)

Redmond Public Library
827 SW Deschutes Ave, Redmond
(Matatagpuan sa kanlurang bahagi ng Library)

**La Pine**
La Pine Public Library
16425 1st St, La Pine
(1st St & Huntington Rd)

**Sisters**
Sisters City Hall
520 E Cascade Ave, Sisters
(Matatagpuan sa harap ng City Hall)

**Sunriver**
Sunriver Public Library
56855 Venture Ln, Sunriver
(Sunriver Business Park)

**-- O --**


♦ **Ipadala** ang iyong sinagutan na balota sa sobreng kasama na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope) nang hindi lalampas sa **alas-8 ng gabi, Martes, Nobyembre 8, 2022**. Huwag kalimutang pirmahan ang iyong sobre ng balota. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Clerk pagsapit ng Nobyembre 15, ay tatanggapin.

**County Clerk's Office, 1300 NW Wall St, Suite 202, Bend**
**Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 5 pm | Araw ng Halalan, 7 am hanggang 8 pm**
**— Mayroong mga Nakalaang Booth para sa Pagboto —**


# Mga Direksyon papunta sa Iyong mga Pinakabagong Lugar ng Hulugan ng Balota

***Hanapin ang mga sign at banner na magdidirekta sa iyo sa mga hulugan ng balot na ito.***

**Deschutes Services Center**
**1300 NW Wall St, Bend**
Ang isang bagong walk-up box ay matatagpuan na ngayon sa kanlurang dulo ng Deschutes Services Building (DSB).



**Deschutes County Expo Center (Fairgrounds)**
**3800 SW Airport Way, Redmond**
(Ang drive-through box ay matatagpuan sa roundabout sa silangang dulo ng parking lot)




## *…. Mga Paalala ....*

**Ang Iyong Pakete ng Balota**
Maglalaman ang iyong pakete ng balota ng mga sumusunod na bagay man lang:

- Naka-print na balota
- Sobre para sa pagbabalik ng balota, na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope)
- Nakasingit na polyeto tungkol sa sumusunod:
    - Hindi na ginagamit ng Deschutes County Elections ang opsyonal na blue paper secrecy sleeve. Ang sobre para sa pagbabalik ng balota ay may naka-print na security weave sa loob na nagpoprotekta sa iyong privacy at sa pagiging lihim ng iyong boto.

**Pagpirma ng Iyong Sobre para sa Pagbabalik ng Balota (Ballot Return Envelope)**
Huwag kalimutang pirmahan ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota.
Ang pirma sa bawat isang sobre para sa pagbabalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa pirma ng botante na nasa file. Dapat magkatugma ang mga pirma bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong pirma, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

**Pagbabalik ng Iyong Balota**
Hindi kinakailangan ang selyo.
Ipadala sa Koreo bago ng Araw ng Halalan, Martes, Nobyembre 8, 2022.


# Impormasyon sa Pagre-redistrict




**Senador ng Estado**




**Kapulungan ng mga Kinatawan**




**Kongreso**



**Mga Presinto ng Pagboto**

Kasunod ng 2020 na Census, ang mga hangganan para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Senado ng Estado, at Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estado ay muling itinakda. Inupdate ang mga presinto ng pagboto para tumugma sa mga bagong hangganan ng batas na ito. Para maberipika kung nakatira ka na ngayon sa isang bagong distrito, bisitahin ang deschutes.org/clerk/page/precinct-and-district-maps para makita ang mga bagong mapa ng mga presinto ng County.

Ang Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022 ay ang pangalawang halalan na isasagawa sa ilalim ng mga bagong hangganang ito. Ang mga mananalong kandidato mula sa pangunahin at pangkalahatang halalan ngayong taon ay ihahalal sa mga bagong hangganang pang-hurisdiksyon, na magkakaroon ng bisa sa Enero 2023.

# Panukalang-Batas 9-147 – Lungsod ng Sisters

**Pamagat ng Balota:** Mga Iminungkahing Pagbabago sa Charter ng Munisipyo ng Lungsod ng Sisters

**TANONG:** Dapat bang aprubahan ng mga legal na botante ng Lungsod ng Sisters ang mga iminungkahing pagbabago sa charter ng munisipyo?

**BUOD:** Katulad ng isang konstitusyon, ang isang charter ng munisipyo ay isang nakasulat na instrumento na namamahala sa kung paano gumagana ang isang munisipal na pamahalaan. Kung maaaprubahan ang panukalang ito, ang kasalukuyang charter ng lungsod, na pinagtibay noong 1948 at huling naamyendahan noong 2003, ay aamyendahan ng mga iminungkahing pagbabago. Maraming kasalukuyang mga probisyon ng charter ang luma na at humahadlang sa epektibo at mahusay na pagpapatakbo ng munisipyo. Bukod sa iba pang mga bagay, ang mga iminungkahing pagbabago ay (1) maglilinaw ng ilang mga responsibilidad ng tagapamahala ng lungsod, (2) magpapahintulot sa konseho na magpatibay ng mga tuntunin ng konseho sa pamamagitan ng resolusyon, (3) mag-aalis ng ilang seksyon ng charter na maaaring hindi naaayon sa batas ng estado, at (4) mag-aalis ng mga panghalip na partikular sa kasarian sa buong charter. Ang isang paglalarawan ng mga iminungkahing pag-amyenda sa charter ay maaaring siyasatin ng publiko sa website ng Lungsod ng Sisters (https://www.ci.sisters.or.us) at sa City Hall.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang Konstitusyon ng Oregon ay nagbibigay sa mga legal na botante ng bawat munisipalidad ng karapatang magpatibay, mag-amyenda, at baguhin ang kanilang charter ng munisipyo. Ang charter ng munisipyo ay isang nakasulat na instrumento na namamahala sa kung paano gumagana ang isang munisipal na pamahalaan. Bukod sa iba pang mga bagay, nagtatakda ang charter ng mga responsibilidad ng konseho, alkalde, at tagapamahala ng lungsod. Ang kasalukuyang charter ng Lungsod ng Sisters ay unang pinagtibay ng mga legal na botante ng lungsod noong 1948. Ang Charter ay unang inamyendahan sa pamamagitan ng pag-apruba ng mga botante noong 1967 at kasunod noong 2003.

Ang konseho, sa pakikipagtulungan ng legal na tagapayo ng lungsod, ay nirepaso at sinuri ang kasalukuyang charter upang matukoy kung ang mga kinakailangang pagbabago. Natukoy ng konseho na maraming kasalukuyang mga probisyon ng charter ang luma na at/o humahadlang sa epektibo at mahusay na mga pagpapatakbo ng munisipyo. Bilang resulta, inaprubahan ng konseho ang ilang iminungkahing pag-amyenda sa charter at ngayon ay isinasangguni ang panukalang ito sa mga legal na botante. Kung maaaprubahan ang panukalang ito, ang charter ng lungsod ay

aamyendahan upang ipakita ang mga iminungkahing pagbabago.

Bukod sa iba pang mga bagay, ang mga iminungkahing pagbabago ay (1) maglilinaw ng ilang mga responsibilidad ng tagapamahala ng lungsod, (2) magpapahintulot sa konseho na magpatibay ng mga tuntunin ng konseho sa pamamagitan ng resolusyon, (3) mag-aalis ng ilang seksyon ng charter na maaaring hindi naaayon sa batas ng estado, at (4) mag-aalis ng mga panghalip na partikular sa kasarian sa buong charter. Ang isang paglalarawan ng mga iminungkahing pag-amyenda sa charter ay maaaring siyasatin ng publiko sa website ng Lungsod ng Sisters (https://www.ci.sisters.or.us)) at sa City Hall.

Kung maaprubahan ng mga botante, ang mga pagbabago sa charter ay magiging epektibo simula Enero 1, 2023.

# Panukalang-Batas 9-148 – Deschutes County

**Pamagat ng Balota:** Gagawing walang kinikilingang partido ang mga puwesto ng at halalan para sa Komisyonado ng County.

**TANONG:** Dapat bang maging nonpartisan (walang kinikilingang partido) at mapili sa nonpartisan na halalan ang mga Komisyonado ng Deschutes County?

**BUOD:** Ang mga Komisyonado ng Deschutes County ay ang tanging mga inihalal na opisyal sa buong county na naglilingkod na may mga pagtatalaga na partidong pampulitika. Nangangahulugan ito na kung miyembro sila ng isang partidong pampulitika, itinatala ito ng Pamahalaan ng Deschutes County bilang bahagi ng mga opisyal na talaan ng pamahalaan at maaaring ipabatid ang impormasyong ito sa publiko.

Ang mga Komisyonado ng Deschutes County ay ang tanging mga inihalal na opisyal sa buong county na napili sa mga halalang partidista (partisan). Nangangahulugan ito na ang mga partidong pampulitika ay nagnonomina ng mga kandidato at inilalagay sila ng Klerk ng County sa balota ng pangkalahatang halalan kasama ng iba pang mga karapat-dapat na kandidato. Ang kaakibat na partido ng mga kandidato ay nakalista sa tabi ng kanilang mga pangalan sa balota.

Kung maaaprubahan ang panukalang ito, ang mga Komisyonado ng Deschutes County ay maglilingkod nang walang notasyon sa mga talaan ng pamahalaan ng kanilang pagiging miyembro, o hindi pagiging miyembro, ng isang partidong pampulitika (maliban sa mga talaan ng pagpaparehistro ng mga botante).

Kung maaaprubahan ang panukalang ito, hindi na magnonomina ang mga partidong pampulitika ng mga kandidato para sa Komisyonado ng Deschutes County. Ilalagay ng Klerk ng County ang lahat ng karapat-dapat na kandidato, anuman ang kaugnayan sa pulitika, sa balota. Walang mga kaakibat na partido ang ililista sa balota.

Ang panukalang ito ay magiging epektibo simula sa 2022.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Sa kasalukuyan, ang mga halalan para sa Komisyonado ng Deschutes County ay mga partidistang labanan kung saan ang mga kandidato ay itinalaga ng kanilang mga kaakibat na partidong pampulitika, kung mayroon man. Nagnonomina ang mga partidong pampulitika ng mga kandidato sa pamamagitan ng partidistang proseso ng pangunahing halalan at inilalagay ng Klerk ng County ang kanilang mga pangalan sa balota ng pangkalahatang halalan kasama ng iba pang mga karapat-dapat na

kandidato. Ang kaakibat na partido ng mga kandidato, o kawalan nito, ay nakalista sa tabi ng kanilang mga pangalan sa balota ng pangkalahatang halalan.

Sa sandaling mahalal, ang mga Komisyonado ng Deschutes County ang taning mga nahalal na opisyal sa buong county na naglilingkod na may mga pagtatalaga ng partidong pampulitika. Nangangahulugan ito na kung miyembro ang Komisyonado ng isang partidong pampulitika, itinatala ng Pamahalaan ng Deschutes County ang pagiging miyembro sa partidong pampulitika ng Komisyonado bilang bahagi ng mga opisyal na talaan ng pamahalaan habang nanunungkulan ang Komisyonado at maaaring ipabatid ang impormasyong ito sa publiko.

Kung maaaprubahan ang panukalang ito ("Oo" na boto), gagawin nitong walang kinikilingang partido ang mga puwesto ng at mga halalan para sa Komisyonado ng Deschutes County. Ang mga kasalukuyang Komisyonado ng Deschutes County ay kinakailangan na magpatibay ng isang batas na ginagawang nonpartisan ang mga puwesto at halalan para sa Komisyonado ng County.

Bukod pa rito, kung maaaprubahan ang panukalang ito, wala nang partidistang pangunahing halalan at hindi na magnonomina ang mga partidong pampulitika ng mga kandidato para sa Komisyonado ng Deschutes County. Ilalagay ng Klerk ng County ang lahat ng karapat-dapat na kandidato, anuman ang kaugnayan sa pulitika, sa balota. Walang mga kaakibat na partido ang ililista sa balota.

Bilang karagdagan, kapag nahalal, ang mga Komisyonado ng Deschutes County ay maglilingkod nang walang notasyon sa mga talaan ng pamahalaan tungkol sa kanilang pagiging miyembro, o hindi pagiging miyembro, sa isang partidong pampulitika (maliban sa mga talaan ng pagpaparehistro ng mga botante).

Kung ang panukala ay hindi naaprubahan ("Hindi" na boto), ang mga halalan para sa Komisyonado ng Deschutes County ay magpapatuloy na maging isang partidistang labanan. Bilang resulta, ang pagiging miyembro, o hindi pagiging miyembro, ng kandidato sa Komisyonado ng Deschutes County sa isang partidong pampulitika, ay patuloy na itatalaga sa balota at sa mga talaan ng Deschutes County kapag ang kandidato ay nahalal at habang nanunungkulan sa Lupon ng mga Komisyonado ng County.

# Panukalang-Batas 9-149 – Lungsod ng LaPine

**Pamagat ng Balota:** Ipinagbabawal ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa Lungsod ng La Pine.

**TANONG:** Dapat bang ipagbawal ng Lungsod ng La Pine ang mga negosyo na nauugnay sa psilocybin sa lungsod?

**BUOD:** Ang Psilocybin ay ang psychedelic na gamot na matatagpuan sa ilang kabute. Ang batas ng estado ay nagpapahintulot sa pagpapatakbo at/o paggawa ng ilang lisensyadong serbisyo na nauugnay sa psilocybin. Nakasaad sa batas ng estado na maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansa na isasangguni sa mga botante na ipagbawal ang pagtatatag at/o pagpapatakbo ng mga nakarehistro o lisensyadong aktibidad na nauugnay sa psilocybin. Pinagtibay ng Lungsod ng La Pine ang isang ordinansa na nagbabawal sa mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa lungsod, na napapailalim sa pag-apruba ng botante. Ang pag-apruba sa panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag at/o pagpapatakbo ng mga tagagawa ng psilocybin at/o service center sa anumang lugar na sakop ng hurisdiksyon ng Lungsod. Ang iminungkahing ordinansa ay maaaring siyasatin ng publiko sa website ng lungsod at sa City Hall.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang pag-apruba ng panukalang ito ay magbabawal sa pagtatayo at pagpapatakbo ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa Lungsod ng La Pine.

Ipinasa ang Panukalang-Batas 109 sa Balota ng mga botante ng Oregon noong Nobyembre 2020, na nagdidirekta sa Oregon Health Authority ("OHA") na magbigay ng lisensya at magkontrol sa paggawa, transportasyon, paghahatid, pagbebenta at pagbili ng mga produktong psilocybin. Ang Psilocybin ay ang psychedelic na gamot na nakukuha sa ilang kabute.

Nakasaad sa ORS 475A.235, sa mahalagang bahagi, na ang OHA ay magkokontrol sa paggawa, transportasyon, paghahatid, pagbebenta, at pagbili ng mga produktong psilocybin at ang pagkakaloob ng mga serbisyong nauugnay sa psilocybin sa Estado ng Oregon. Sinimulan ng OHA ang proseso ng paggawa ng panuntunan upang ipatupad ang programa ng regulasyon ng estado. Gayunpaman, dahil ang proseso ng paggawa ng panuntunan ay hindi pa nakumpleto hanggang sa kasalukuyan, ang lungsod ay hindi sigurado kung paano gagana o papatakbuhin ang paggawa, paghahatid, at pangangasiwa ng psilocybin sa mga lisensyadong pasilidad ng psilocybin.

Nakasaad sa ORS Chapter 475A.718 na maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod

ang isang ordinansa na nagbabawal sa pagtatatag at pagpapatakbo ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod, ngunit dapat isangguni ng konseho ng lungsod ang ordinansa sa mga botante sa isang pangkalahatang eleksyon sa buong estado. Pinagtibay ng lungsod ang Ordinansa Blg. 2022-02, ang Ordinansa na Nagbabawal sa Psilocybin, na nagbabawal sa pagtatatag at/o pagpapatakbo ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng mga hangganan ng hurisdiksyon ng lungsod. Ang Ordinansa Blg. 2022-02 ay magkakabisa at ipapatupad 30 araw pagkatapos ng pag-apruba ng botante (kung naaangkop).

Kung maaprubahan, ipagbabawal ng panukalang ito ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod.

# Panukalang-Batas 9-150 – Redmond Area Park and Recreation District

**Pamagat ng Balota:** MGA BONO PARA SA PAGTAYO NG BAGONG PASILIDAD NA PANLIBANGAN PARA SA KOMUNINDAD UPANG MAPALAWAK ANG MGA PROGRAMA

**TANONG:** Dapat bang magtayo ang Redmond Area Park and Recreation District ng mga pasilidad na panlibangan, palawakin ang mga programa sa pamamagitan ng pag-isyu ng hindi lalampas sa $49,000,000 na mga bono? Kung maaprubahan ang mga bono, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi sakop ng mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**BUOD:** Kung maaprubahan, hindi lalampas sa $49,000,000 na pangunahing halaga ng general obligation na mga bono ang inaasahang ipopondo sa pagtatayo ng isang bagong pasilidad na panlibangan na inaantabayanang magkakaroon ng:

Mga pool para sa mga pag-aaral ng paglangoy, klase sa pantubig na pag-eehersisyo, therapy, paglilibang at lap swimming.
Gymnasium na maraming mapaggagamitan.
Indoor track na lakaran
Mga pasilidad na pang-ehersisyo at (mga) equipment fitness room na Pang-grupo
Silid-aralan/mga lugar para sa espesyal na kaganapan at pagtitipon para sa paglilibang, mga kaganapan at pagpupulong. Mga lugar na pampangasiwaan at suporta kabilang ang mga locker room, lobby at opisina.
Iba pang pasilidad; maaaring kabilang ang mga outdoor sports field, sport court, palaruan at lakaran
Mga pagpapaayos sa lugar, demolisyon, paglalagay ng muwebles at kagamitan at mga gastos sa pag-isyu ng bono.

Magtatatag ang Distrito ng isang oversight committee na binubuo ng mga mamamayan upang matiyak na ang mga nalikom ay ginagamit para sa mga layuning inilahad. Magma-mature ang mga bono nang hindi lalampas sa 21 taon mula sa pag-isyu at maaaring mag-isyu ng serye. Ang tinatayang taunang average na halaga ng buwis ay humigit-kumulang $0.56 sa bawat $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Ang aktwal na rate na ipapataw ay maaaring mag-iba dahil sa mga pagbabago sa mga rate ng interes at/o tinasang halaga.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang Panukalang-Batas para sa Bono ng Redmond Area Park and Recreation District (RAPRD), kung maaprubahan, ay makapagbibigay ng pondo para sa pagdisenyo at pagtatayo ng bagong Sentrong Panlibangan ng Komunidad. Inaasahang itatayo ang sentrong pang-komunidad na ito sa SW 35th at Lava sa Redmond. Humigit-kumulang 10 ektarya ang lupang ito at binili ng RAPRD noong Enero 2009.
Isang special taxing district ang Redmond Area Park and Recreation District na nagsisilbi sa mas malaking komunidad ng Redmond sa pamamagitan ng iba't ibang programa at pasilidad sa paglilibang. Ang kasalukuyang pantubig na pasilidad, ang Cascade Swim Center, ay matatagpuan sa ari-arian na inuupahan ng RAPRD sa Redmond School District. Binuksan ang Cascade Swim Center noong 1979 para maglinkod sa humigit-kumulang 6,500 na populasyon. Kasalukuyang naglilingkod ang RAPRD sa humigit-kumulang 45,000 na populasyon.

Ang panukalang-batas na ito, kung maaprubahan, ay magpapahintulot sa Distrito na mag-isyu ng hanggang $49 milyon na general obligation na mga bono upang palakihin ang panloob na espasyong panlibangan para sa anumang edad sa ating komunidad. Tinatayang magiging 74,000 square feet ang sentro at pinaplanong magkakaroon ng mga sumusunod na pasilidad:

- Mga pool para sa mga pag-aaral ng paglangoy, klase sa pantubig na pag-eehersisyo, therapy, paglilibang at lap swimming.
- Gymnasium na maraming mapaggagamitan.
- Indoor track na Lakaran
- Mga pasilidad at kagamitan pang-ehersisyo
- (Mga) pang-grupong fitness room
- Silid-aralan/mga lugar para sa espesyal na kaganapan at pagtitipon para sa paglilibang, mga kaganapan at pagpupulong.
- Mga lugar na pampangasiwaan at suporta kabilang ang mga locker room, lobby at opisina
- Iba pang pasilidad; maaaring kabilang ang mga outdoor sports field, sport court, palaruan at lakaran
- Mga pagpapaayos sa lugar, demolisyon, paglalagay ng muwebles at kagamitan at mga gastos sa pag-isyu ng bono.

Kasama rin sa sentrong panlibangan ng komunidad na ito ang iba pang pasilidad na naaayon sa panlibangan at pantubig na pangangailangan ng komunidad. Patuloy na magagamit ang Cascade Swim Center para sa mga programa sa competitive swim at lap swim batay sa kasalukuyang termino ng pag-upa.

Ang general obligation na mga bono ay mababayaran sa pamamagitan ng taunang buwis sa ari-arian. Tinatayang gagastos ang mga may pag-aari ng taunang average na $0.56 sa bawat $1,000 na natasang halaga na bubuwisan sa bawat taon ng panahon ng pagbabayad batay sa iminungkahing panukalang-batas sa balota. Ang rate ng

buwis sa ari-arian ay ipinapataw sa tinasang halaga ng ari-arian, na kadalasang mas mababa kaysa sa halaga sa merkado ng ari-arian. Ang katamtamang nabubuwisang natasang halaga ng isang bahay na nasa hangganan ng Redmond Area Park and Recreation District ay humigit-kumulang $225,000 at ang isang bahay na may ganoong tinasang halaga ay magbabayad ng humigit-kumulang $126 sa isang taon o $10.50 bawat buwan.  Ang tinatayang halaga ng buwis sa panukalang ito ay isang PAGTATANTYA LAMANG, batay sa pinakamainam na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa panahon ng pagtatantya.  Ang aktwal na rate na ipapataw ay maaaring mag-iba dahil sa mga pagbabago sa mga rate ng interes at/o tinasang halaga.

Magtatatag ang Distrito ng isang oversight committee na binubuo ng mga mamamayan upang matiyak na ang mga nalikom ay ginagamit para sa mga layuning inilahad.

# Panukalang-Batas 9-151 – Redmond Area Park and Recreation District

**Pamagat ng Balota:** LIMANG TAON NA BUWIS SA PAGPAPATAKBO NG MGA SERBISYO NG MGA PARKE AT PASILIDAD NA PANLIBANGAN

**TANONG:** Dapat bang mag-isyu ang Redmond Area PRD ng lokal na opsyon na buwis para sa mga serbisyo ng parke at pasilidad na panlibangan sa loob ng limang taon simula sa 2023-2024? Ang panukalang ito ay maaaring maging sanhi ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit sa tatlong porsyento.

**BUOD:** Ang panukala, kung maaprubahan, ay magbibigay ng awtorisasyon sa Redmond Area Park and Recreation District na magpataw ng mga buwis upang suportahan ang mga taunang gastos sa pagpapatakbo para sa mga kasalukuyang serbisyo, suportahan ang pagpapatakbo ng mga pasilidad ng Distrito, at palawakin ang mga programa para sa mga mamamayan ng Distrito. Ang panukala ay mag-aatas ng lokal na opsyon na buwis sa pagpapatakbo sa rate na hindi lalampas sa $0.24 bawat $1,000 ng nabubuwisang natasang halaga sa loob ng Distrito sa loob ng limang taon, simula sa Hulyo 1, 2023. Ang iminumungkahing rate ay magdadala ng tinatayang $1,179,375 sa 2023-24; $1,214,756 sa 2024-25; $1,251,199 sa 2025-26; $1,288,735 sa 2026-27; at $1,327,387 sa 2027-28 na may kabuuang $6,261,463.

Ang tinatayang halaga ng buwis para sa panukalang ito ay PAGTATANTYA LAMANG, batay sa pinakamahusay na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa oras ng pagtatantya at maaaring magpakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at rate ng koleksyon.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Ang Redmond Area Park and Recreation District (RAPRD) ay itinatag noong Hulyo 8, 1975, para sa layunin ng pagbibigay ng mga pasilidad na parke at panlibangan at mga kaugnay na aktibidad para sa mga residenteng naninirahan sa loob ng mas malawak na komunidad ng Redmond, Oregon. Sa kasalukuyan, kasama sa mga pasilidad ng Distrito ang Cascade Swim Center, Pleasant Ridge Community Hall, ang High Desert Sports Complex, Borden Beck Wildlife Preserve, at hindi pa nadevelop na ari-arian para sa parke sa Lake Park Estates, Majestic Ridge sa Redmond at sa Tetherow Crossing.

Nag-aalok ang Distrito ng iba't ibang mga programang panlibangang kabilang ang mga liga ng sports para sa kabataan at nasa hustong gulang, mga STEM na programa, mga klase sa pagluluto, mga araling pansining, mga araling pangmusika, mga sports camp at mga klase sa paglangoy, bukod sa iba pang mga programa at serbisyo.

Bilang karagdagan sa lokal na opsyon na buwis na ito, ang Distrito ay may panukala para sa general obligation bond sa Nobyembre 2022 na balota para sa layunin ng pagpopondo sa pagtatayo at mga kaugnay na pagpapahusay ng isang bagong 74,000 square foot na sentro ng libangan ng komunidad na makakapagbigay-lugar sa malawak na uri ng aktibidad panlibangan, pangkalusugan, panggamot (therapeutic), at pagpapalago para sa lahat ng edad. Ang kita sa buwis mula sa panukalang-batas na

ito ay gagamitin upang suportahan ang pagpapatakbo ng bagong pasilidad na ito kabilang ang pagpapatakbo ng mga programang pantubig (aquatic), pangkalusugan at kagalingan, at panlibangan.

Ang Distrito ay kasalukuyang may permanenteng rate ng buwis na $0.3717 bawat $1,000 ng nabubuwisang natasang halaga at ang karagdagang buwis na ito ay pandagdag sa permanenteng rate upang suportahan ang pagpapatakbo ng mga programa at serbisyong panlibangan at pangkalusugan para sa mas malawak na lugar ng Redmond.

Kung maaprubahan ng mga botante, ang lokal na opsyon na buwis ay nasa rate na $0.24 bawat $1,000 ng nabubuwisang natasang halaga, simula Hulyo 1, 2023 at tatagal ng limang taon. Ang median ng nabubuwisang natasang halaga ng isang bahay sa loob ng mga hangganan ng Distrito ay humigit-kumulang $225,000 at ang isang bahay na may ganoong tinasang halaga ay magbabayad ng humigit-kumulang $56.00 sa isang taon o $4.50 bawat buwan. Ang tinatayang halaga ng buwis para sa panukalang ito ay PAGTATANTYA LAMANG, batay sa pinakamahusay na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa oras ng pagtatantya. Ang aktwal na rate na ipapataw ay maaaring mag-iba dahil sa mga pagbabago sa mga rate ng interes at/o tinasang halaga. Ang panukalang ito ay maaaring maging sanhi ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit sa tatlong porsyento.

# Panukalang-Batas 9-152 – Deschutes County

**Pamagat ng Balota:** Tungkol sa paggawa ng psilocybin at mga service center sa unincorporated na Deschutes County.

**TANONG:** Dapat bang ipagbawal ang Paggawa ng Produktong Psilocybin at mga Service Center nito sa mga unincorporated na lugar ng Deschutes County (sa labas ng hangganan ng lungsod)?

**BUOD:** Noong Nobyembre 2020, ipinasa ng mga botante ng Oregon ang Panukalang-Batas 109 sa Balota. Inaprubahan ng 52.8% ng mga botante sa Deschutes County ang Panukalang-Batas 109 sa Balota. Gawa ng Panukalang-Batas, nabuo ang isang programa para sa buong estado upang pahintulutan ang mga lisensyadong tagapagkaloob na magbigay ng mga kabute at produktong fungi na may psilocybin sa mga indibidwal na 21 taong gulang pataas.

Nagbibigay-daan ang Panukalang-Batas 109 (naka-codify bilang ORS 475A.718) sa tagapangasiwa ng Deschutes County para magpatibay ng isang ordinansang isasangguni sa mga botante upang malaman kung ang programa para sa buong estado ay papayagang magpatuloy sa mga unincorporated na lugar (sa labas ng hangganan ng lungsod) ng Deschutes County.

Ang botong "oo" ay magbabawal sa pagtatatag at pagpapatakbo ng Pagawaan ng Produktong Psilocybin at mga Service Center kaugnay ng Psilocybin sa mga unincrporated na lugar (sa labas ng mga limitasyon ng lungsod) ng Deschutes County.

Ang botong "hindi" ay magpapahintulot sa pagtatatag at pagpapatakbo ng Pagawaan ng Produktong Psilocybin at mga Service Center kaugnay ng Psilocybin sa mga unincorporated na lugar (sa labas ng hangganan ng lungsod) ng Deschutes County.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Noong Nobyembre 2020, ipinasa ng mga botante ng Oregon ang Panukalang-Batas 109 sa Balota. Inaprubahan ng 52.8% ng mga botante sa Deschutes County ang Panukalang-Batas 109 sa Balota. Gawa ng Panukalang-Batas, nabuo ang isang programa para sa buong estado upang pahintulutan ang mga lisensyadong tagapagkaloob na magbigay ng mga kabute at produktong fungi na may psilocybin sa mga indibidwal na 21 taong gulang pataas.

Nagbibigay-daan ang Panukalang-Batas 109 (naka-codify bilang ORS 475A.718) sa tagapangasiwa ng Deschutes County para magpatibay ng isang ordinansang isasangguni sa mga botante upang malaman kung ang programa para sa buong estado ay papayagang magpatuloy sa mga unincorporated na lugar (sa labas ng hangganan ng lungsod) ng Deschutes County.

Ang botong "oo" ay magbabawal sa pagtatatag at pagpapatakbo ng Pagawaan ng Produktong Psilocybin at mga Service Center kaugnay ng Psilocybin sa mga unincrporated na lugar (sa labas ng mga limitasyon ng lungsod) ng Deschutes County.

Ang botong "hindi" ay magpapahintulot sa pagtatatag at pagpapatakbo ng Pagawaan ng Produktong Psilocybin at mga Service Center kaugnay ng Psilocybin sa mga unincorporated na lugar (sa labas ng hangganan ng lungsod) ng Deschutes County.

# Panukalang-Batas 9-153 – Lungsod ng Redmond

**Pamagat ng Balota:** Pagdeklara ng pagbabawal sa paggawa ng mga produktong psilocybin.

**TANONG:** Dapat bang ipagbawal ng Lungsod ng Redmond ang paggawa ng mga produktong psilocybin sa Lungsod ng Redmond?

**BUOD:** Pinahihintulutan ng batas ng estado ang paggawa ng psilocybin at psilocin. Nakasaad sa batas ng estado na maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansa na isasangguni sa mga botante na ipagbawal ang pagtatatag ng nakarehistro o lisensyadong aktibidad na ito.

Ang pag-apruba sa panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag ng paggawa ng psilocybin sa lugar na sakop ng hurisdiksyon ng Lungsod ng Redmond.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang pag-apruba sa panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag ng mga tagagawa ng produktong psilocybin sa Lungsod ng Redmond.

Maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansang nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa lungsod, ngunit dapat isangguni ng konseho ang ordinansa sa mga botante sa isang pangkalahatang eleksyon sa buong estado. Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Redmond ang ordinansang nagbabawal sa pagtatatag ng mga tagagawa ng produktong psilocybin sa lungsod ng Redmond at, bunga nito, sinangguni ang panukalang ito sa mga botante.

Kung maaprubahan, ang panukalang ito ay permanenteng magbabawal sa pagtatatag ng mga tagagawa ng produktong psilocybin sa Lungsod ng Redmond.

Kung hindi maaprubahan ang panukalang ito, nilalayon ng Oregon Health Authority na magsimulang tumanggap ng mga aplikasyon para sa pagtatatag ng mga tagagawa ng produktong psilocybin sa Enero 2, 2023.

# Panukalang-Batas 9-154 – Lungsod ng Redmond

**Pamagat ng Balota:** Pagdeklara ng dalawang taong moratoryum sa mga service center kaugnay ng psilocybin.

**TANONG:** Dapat bang magpatupad ang Lungsod ng Redmond ng dalawang taong moratoryum sa mga service center kaugnay ng psilocybin sa loob ng Lungsod ng Redmond?

**BUOD:** Pinahihintulutan ng batas ng estado ang  pamamahagi at pagtataglay ng psilocybin at psilocin. Nakasaad sa batas ng estado na maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansa na isasangguni sa mga botante para sa isang moratoryum sa pagtatatag ng nakarehistro o lisensyadong aktibidad na ito.

Ang pag-apruba sa panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag ng mga service center kaugnay ng psilocybin sa lugar na sakop ng hurisdiksyon ng Lungsod ng Redmond sa loob ng dalawang taon. Awtomatikong magtatapos ang pagbabawal sa Disyembre 31, 2024.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang pag-apruba sa panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag ng mga service center kaugnay ng psilocybin sa Lungsod ng Redmond sa loob ng dalawang taon.

Maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansang nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa lungsod, ngunit dapat isangguni ng konseho ang ordinansa sa mga botante sa isang pangkalahatang eleksyon sa buong estado. Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Redmond ang ordinansang nagbabawal sa pagtatatag ng mga service center kaugnay ng psilocybin sa lungsod ng Redmond sa loob ng dalawang taon, bunga nito, sinangguni ang panukalang ito sa mga botante.

Kung maaprubahan, ipagbabawal ng panukalang ito ang pagtatatag ng mga service center kaugnay ng psilocybin sa Lungsod ng Redmond hanggang Disyembre 31, 2024.

Kung hindi maaprubahan ang panukalang ito, nilalayon ng Oregon Health Authority na magsimulang tumanggap ng mga aplikasyon para sa pagtatatag ng mga service center kaugnay ng psilocybin sa Enero 2, 2023.

# Panukalang-Batas 9-155 – Pampangasiwaang Distrito ng Paaralan Bilang 1 (Bend-LaPine Schools)

**Pamagat ng Balota:** Mga Bono para sa Mga Pagpapabuti sa Kaligtasan, Pagsasaayos ng Paaralan at Pagpapanatili ng mga Pasilidad

**TANONG:** Dapat bang pagbutihin ng Bend-La Pine Schools ang kaligtasan at pagsasaayos ng mga paaralan at silid-aralan sa pamamagitan ng pag-isyu ng $249.7 milyon na general obligation na mga bono? Kung maaprubahan ang mga bono, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**BUOD:** Dahil sa pagtubos sa kasalukuyang mga bono, ang pag-apruba ng panukalang ito para sa bono ay inaasahang mapanatili ang kasalukuyang halaga ng buwis, sa halip na mapataas ito. Makakatulong ang pag-apruba na mapanatiling may mga trabaho sa ating mga komunidad at magkaroon ng ligtas, mabuting kapaligiran sa pagtuturo at pag-aaral sa pamamagitan ng:

- Pagprotekta sa mga pamumuhunan ng komunidad sa mga paaralan sa pamamagitan ng pagsasayos, pagpapanatili at pangangalaga ng mga kasalukuyang gusali sa buong distrito kabilang ang pagpapalit ng mga lumang bubungan, depektibong sistema, mga sistema ng pagpapainit at bentilasyon at paggawa ng mga pagpapahusay sa pagtitipid ng enerhiya.
- Paggawa ng mga pagpapabuti sa kaligtasan sa buong distrito kabilang ang mga sistema para sa pag-lock ng silid-aralan at kaligtasan sa sunog.
- Pagsasagawa ng pagbabago sa mga lumang silid-aralan kabilang ang pagpapalit sa pinakaluma at pinakadepektibo nang mga gusali sa Bend Senior High School. Pagdaragdag ng mga espasyo sa pagtuturo at paglalagay at pagbibigay ng mga kasangkapan sa mga paaralan at iba pang pasilidad ng distrito.
- Pagpopondo sa iba pang gastos na kapital para sa distrito at pagbabayad ng mga gastos sa pag-isyu ng bono.

Kung maaaprubahan ang mga bono, magbibigay ang Estado ng $8 milyon na katumbas na grant. Maaaring mag-isyu ng serye ng mga bono na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 25 taon mula sa panahon ng pag-isyu.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

***Makikinabang ang bawat paaralan. Walang inaasahang pagtaas sa kasalukuyang halaga ng buwis. Mapapanatiling may mga trabaho sa ating komunidad.***

Paghiling ng suporta para sa komunidad na mag-isyu ng $249.7 milyon na general obligation na mga bono upang mapabuti ang kaligtasan at gawing makabago ang mga luma nang paaralan at silid-aralan sa Bend-La Pine Schools.

***Bakit ........................................................................................................***

Itinayo ang halos kalahati ng mga gusali ng distrito bago mag-1980. Higit 90 taon na ang nakalilipas mula nang itinayo ang ilan sa mga ito - ang pinakaluma ay itinayo noong 1918. Bagama't napanatili nang maayos ang mga gusaling ito, kailangan ng masinsinang

pagsasaayos at pagpapanatili sa marami rito upang mapatagal ang kanilang buhay at kapakinabangan. Bukod pa sa pagpapanatili at modernisasyon, marami sa mga gusaling ito ang makikinabang sa mga pagpapabuti sa kaligtasan at seguridad upang makatulong na mapanatiling ligtas ang mga estudyante at tauhan.

### *Ano* ......................................................................................................................

Mga pagpapabuti sa **kaligtasan at seguridad** sa buong distrito tulad ng pag-upgrade ng mga hawakan ng pinto sa loob ng silid-aralan at mga kandado ng pintuan;

Pagsasagawa ng **mga pagpapabuti sa kaligtasan** sa Juniper Elementary School kabilang ang paglipat ng mga pangunahing tanggapan sa isang lokasyong mapapabuti ang visibility at pangangasiwa ng mga bisita;

Pagpapalit sa mga depektibong 70 taon nang silid-aralan ng Bend Senior High School sa kasalukuyang pag-aari ng paaralan upang mapabuti ang **kaligtasan, seguridad, at pagtuturo**;

Pagsasagawa ng halos isang dosenang **proyekto sa pagpapanatili at kaligtasan** sa mga paaralan sa lugar ng La Pine;

**Pagproteka sa pamumuhunan ng komunidad** sa mga gusali ng paaralan sa pamamagitan ng mga pagsasaayos at pagpapahusay sa buong distrito kabilang ang pagpapalit ng mga luma nang bubong;

Mga pagdaragdag ng silid-aralan at proyektong **pang-modernisasyon**; at

**Pagtitipid ng pera sa mga pagpapahusay sa enerhiya** sa mga boiler, HVAC at mga sistema ng pagpapailaw.

*Ang impormasyon ay ibinigay ni Steve Cook, Tagapamahala*